

まんがでわかる



Tagalog
タガログ語


倉庫業の安全衛生

Alamin sa Pagbasa ng Komiks

Health and Safety sa Industriya ng Warehousing



Nilikha ang audiovisual material na ito upang turuan ang tungkol sa mga basikong konsepto ng kaligtasan at kalusugan sa lahat ng mga taong nagtatrabaho sa mga kumpanyang nasa industriya ng warehousing.



Pag-aralan natin ang tungkol sa Health and Safety sa industriya ng warehousing sa araw na ito!



Ang industriya ng warehousing ay mahalagang trabaho na sumusuporta sa lipunan, 'di ba?

Tama!



Maraming naka-imbak na kargamento, ano?


Napakalaking responsibilidad nga naman ang trabahong magpadala ng mga kargamento kapag kinakailangan.



Alam ba ninyo na nagkakaroon din ng mga work-related injury sa pinagtrabahuhan tulad nito?

Ha?!


Tingnan natin ang mga pangunahing dahilan ng mga work-related injury.






Sitwasyon ng mga pagkasugat at pagkamatay dahil sa work-related injury

1	Reaksyon ng gawain/pinilit na gawain	151 katao (22%)
2	Pagtumba	143 katao (21%)
3	Pagbagsak/pagkahulog	94 katao (14%)
4	Pagkaipit/pagkahila	86 katao (13%)
5	Nabangga	61 katao (9%)

Sanggunian: Website ng Kaligtasan sa Pinagtrabahuhan, Ministry of Health, Labour and Welfare
Sitwasyon ng mga pagkasugat at pagkamatay ayon sa "Ulat ukol sa pagkasugat at pagkamatay ng mga manggagawa" (nakumpirmang bilang para sa 2020)
(Ang occurrence ratio ay batay sa kabuuang bilang ng kaso noong 2020 (685 kaso))



Marami palang "Reaksyon ng gawain/pinilit na gawain," "pagtumba," at "pagbagsak/pagkahulog"...



Kasunod ay ang "pagtumba."
Maraming mga kaso kung saan natatapilok sa mga 'di namamalayang mga harang sa tinatapkan habang isahang nagbubuhat ng maraming kargamento.



Kailangang mag-ingat lalo na dahil madalas, may mga kaso kung saan maraming nakalagay na pallet atbp. malapit sa pasukan at labasan ng warehouse.


Kapag nasugatan ka at di na makapagtrabaho, mag-aalala ang iyong pamilya at magkakaproblema ka rin sa hanapbuhay...



Dahil dito, mahalaga ang pag-iingat sa araw-araw na pagkilos.



Kapag nagbubuhat ng kargamento, mag-ingat sa taas ng bagay na bubuhatin upang hindi maharangan ang iyong paningin sa harapan, gumamit ng trolley atbp, at dagdagan ang pag-iingat sa iyong paligid.




Mahalaga rin ang tamang paraan ng pagbubuhat at pagdadala upang maiwasang masaktan ang likod atbp.

Paano at kailan nangyayari ang "Pagbagsak/pagkahulog"?



Halimbawa, mayroong kaso kung saan


tinangkang kumpirmahin ng manggagawa ang pallet rack at pag-akyat niya dito, nadulas ang kanyang kamay at bumagsak siya.



Ganoon pala...




Ngayon naman,







Tingnan natin

ang aktwal na lugar ng trabaho!



CASE 1





Ang sakit ng likod ko!

Dahil ba pinilit kong magbuhat nang 'di tama ang postura ko?




OK ka lang!?

Nasaktan ka ba?

Mukhang nasaktan po ang likod ko.




Ako na lang ang gagawa nito kaya magpahinga ka muna.




Magpahinga ka muna sa opisina.




Mas madali ko itong matatapos nang mag-isa kung pagsasamahin kong dalhin ang mga ito.





Pagsasamahin ko ang dalawa.






OK! Dadalhin ko na ito.






Hindi ko makita ang nasa paanan ko, pero bubuhatin ko na ito.






Uwahh!



CASE 2







Gumising ka!

Ano'ng nangyari?



Baka nagka-heatstroke siya.

Ilipat natin siya sa malamig na lugar.



Ganoon ba, hindi na maganda ang pakiramdam mo bago ka pa magsimulang magtrabaho. Natamaan ba ang ulo mo?


Opo. Hindi naman po natamaan ang ulo ko.



Mag-report kaagad kapag hindi maganda ang iyong pakiramdam.

Kapag kukumpirmahin ang kargamentong nasa mataas na lugar, sundin ang ligtas na paraan ng paggamit at gumamit ng ladder o stepladder.

Bawal sumampa sa pillar.




May panganib na malaglag kapag nagtatrabaho sa mataas na lugar.

Ikaw naman, sabihan mong magpahinga ang kasama mo kapag mukhang hindi maganda ang kanyang pakiramdam.

Opo.

O-opo!


Madaling ma-heatstroke lalo na kapag panahon ng tag-init.



Mag-aalala ang inyong pamilya kapag nasugatan kayo.

Mag-iingat po kami.

CASE 3





Nasanay na rin ako sa pagmamaneho ng forklift.

Kaunti na lang at matatapos na ang trabaho kong magbuhat. Bibilisan kong tapusin ito!

Kumpirmahin mo ang nasa paligid mo!








Opo!




Naku, may nakalimot ng slip. Importante pa naman ito...


Ah! Tamang-tama, nandoon pala siya!

Excuse me po! Nakalimutan ninyo ang slip!






Bakit ka nandito!?
Bawal pasukan
ang lugar na ito!




Sorry po.



OK ka lang!?

Nasugatan
ka ba?




Bawal na bawal pumasok
sa lugar na bawal pasukan.

Dumaan ka sa nakatakdang
daanan kahit nagmamadali ka pa.



Ikaw din,
kailangan
mong mag-ingat.



Tiningnan mo ba ang
iyong likuran?




Kapag hindi mo kinumpirma
ang sitwasyon sa iyong
paligid, maaaring magdulot
ito ng aksidente.




Ang pagsunod sa mga
tuntunin ang
magpapadali
sa trabaho at
magpoprotekta
sa sarili.

Opo!



'Di ba nalaman ninyo na malapit pala sa inyo ang panganib?



Parang may kahawig ang pagka-malamya ng tauhan sa kwento ninyo.

Ano? Sino raw?



Para sa Health and Safety ng pinagtatrabahuhan, importante ang pagsasaisip ng bawat isa at ang pagsunod sa tuntunin.

Ngayon, balikan natin muli ang mga case study.

Mga puntong kailangang pag-ingatan sa industriya ng warehousing



1 | Mabigat na bagay




Kapag magbubuhat ng kargamento, mag-ingat sa bigat at laki nito upang maiwasang masaktan ang likod atbp.

2 | Paanan




Kapag magbubuhat ng kargamento, mag-ingat na makita mo ang iyong paligid upang maiwasang matumba.

3 | Mataas na lugar




Mag-ingat sa pagkalaglag kapag nagtatrabaho sa mataas na lugar.

4 | Lugar na bawal pasukan/forklift




Siguraduhing huwag dumaan sa lugar na bawal pasukan at sa lugar malapit sa forklift.

Ang work-related injury ay hindi lamang nangyayari sa ibang tao. Ito ay problemang malapit sa inyo.



Gusto kong tandaan ninyo na ang pagsunod sa tuntunin ay para rin maprotektahan ang inyong "sarili," "pamilya," at "pamumuhay."

Mahalaga rin ang araw-araw na komunikasyon sa pinagtatrabahuhan sakaling mayroong mangyari.



OK! Susundin ko ang mga tuntunin at gagalingan ko araw-araw!




Industriya ng Warehousing

Mag-ingat din sa mga bagay na ito!

Hint para sa kaligtasan at kalusugan!



1 | Limitasyon sa bigat upang maiwasang masaktan ang likod




Kapag magbubuhat ng mabigat na kargamento, huwag buhatin nang mano-mano ang bagay na mas mabigat sa 40% ng timbang ng katawan para sa mga lalaki, at 24% ng timbang ng katawan para sa mga babae. (Batay sa Guideline para Pag-iwas sa Sakit sa Likod sa Pinagtatrabahuhan ng Ministry of Health, Labour and Welfare)

2 | Pagsuot ng hard hat (helmet)




Para ligtas na makapagtrabaho sa loob ng warehouse, siguraduhing magsuot ng helmet. Huwag tangalin ang helmet kahit na mainit.

3 | Paggamit ng stepladder/ladder



Huwag umakyat sa pinakatuktok ng stepladder, at huwag ilagay ang stepladder o ladder sa lugar kung saan umuuga ito. *Para sa mga detalye, sumangguni sa [Alamin sa Pagbasa ng Komiks: Basics ng Health and Safety at Pag-iwas sa Work-related Injury]

4 | Heatstroke




Mag-ingat sa heatstroke sa loob ng warehouse kapag panahon ng tag-init. Kumonsulta kaagad kung sumama ang iyong pakiramdam. *Para sa mga detalye, sumangguni sa [Alamin sa Pagbasa ng Komiks: Basics ng Health and Safety at Pag-iwas sa Work-related Injury]

Matuto gamit ang larawan


Alamin ang nakatagong panganib habang nagtatrabaho sa workshop!

Accident awareness training, Kiken Yochi Training (KYT)

Q Isipin natin kung saan may panganib!



A Dito ang mapanganib na punto!



1

Ayusin at linisin ang pasukan at labasan, at mag-ingat na huwag matapilok.



2

Bigyang pag-iingat ang nasa iyong paanan.



3

Huwag lapitan ang gumaganang forklift.



Pag-isipan kung mayroong iba pang mapanganib na punto.

Alamin sa Pagbasa ng Komiks

Health and Safety sa Industriya ng Warehousing

Inisyu Marso 2022

Tagalathala: Ministry of Health, Labour, and Welfare

Plano: Mizuho Research & Technologies, Ltd.

Kooperasyon: Working Development ng Materyales para sa Health and Safety Education

Kaugnay sa Industriya ng Wholesaling at Warehousing

Nilikha: Sideranch Inc.



Kapag may katanungan ukol sa materyal na ito
Ministry of Health, Labour, and Welfare
Labour Standards Bureau
Safety and Health Department
Safety Section